**Pamagat**: Tanggapin Mo Siya Tulad ng Pagtanggap Mo sa Akin

**Texto**: Philemon 17 "If thou count me therefore a partner, receive him as myself."
*Pagsasalin*: Kaya nga, yamang itinuturing mo ako bilang iyong kasama, tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo sa akin.

**Panimula**:

1. Sa mga nabasa nating mga verses, binanggit ni Pablo na si Onesimo ay marahil na napalayo siya kay Filemon upang mapasakanya siya sa habang panahon. (v.15)
2. Hinikayat ni Pablo na tanggapin ni Filemon si Onesimo at ituring siya na hindi lamang isang alipin (busabos), kundi higit pa sa alipin, i-bilang siya na isang kapatid na minamahal. (v.16)
3. Ang buhay Christiano ay buhay ng kapatawaran at pagpapatawad. Ito ay ang ating muling pagbabalik-loob sa Dios at ang ating pagbabalik-loob sa isa't-isa.

I. **Ang Caso Laban Kay Onesimo**:

A. (v.11) Siya "hindi kapakipakinabang" – unprofitable. – hindi mabisa at nakakapinsala.
B. (v.15) Siya ay "nag-depart" – separate o humiwalay.
C. (v.18) Siya ay "hindi makatarungan" (wronged thee – gumawa siya na kamalian sa iyo).
D. (v.18) Siya ay "may utang" – sigurado siya ay nagnakaw. – maysala siya sa dapat iwasto, isauli, at ilagay sa tama.
E. Lahat ng mga Christiano ay katulad ni Onesimo. Makasalanan. (Romans 3:23)
F. Ang ating sala ay dakila at ang kabayaran ng kasalanan ay dakila rin: kamatayan sa physical at espirituwal. Minasan nakakalimutan lang ng mga Christiano kung ano talaga ang nararapat sa atin.

II. **Ang Caso ni Pablo Para Kay Onesimo**:

A. Ang grasya ng Dios ay nagbibigay sa atin ng karapatan ng panawagan o ng pagsamo.
B. (v.17) – Mayroon tayong isang makalangit na Tagapagtanggol sa Ama, ito ay ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Siya ay dumating bilang ating "representative" (kinatawan). Ang pagtanggap ng Dios Ama sa atin ay dahil lamang kay Jesus.
C. (v.18) – "ibilang mo iyon sa akin" –
D. (v.19) – "babayaran kita" – Si Jesus ang ating Tagapanagot ("surety"). Jesus paid it all!

III. **Ang Mga Nangyari Kay Onesimo**:

A. Maasahan natin, dahil sa pab-ibig ni Filimon sa Panginoon at sa kapatiran, na tinanggap niya muli si Onesimo ng higit pa sa isang alipin, pero isang minamahal na kapatiran.
B. Ang grasya at kapatawaran ng Dios ay hindi lamang noong tinanggap natin si Jesus bilang Tagapagligtas. Ito ay simula lamang. Ito ay mag-papatuloy hanggang sa walang-hanggan! Sa awa ng Dios, hindi tayo itinuturing na alipin pero anak!
C. Araw-araw, para sa mga Christiano, ay mayroon kapatawaran at kalinisan dahil kay Jesus.
D. Si Onesimo ay larawan ng isang makasalanang tao na pinatawad ng Dios.
E. Sa Tradisyon (not Biblical – pero historical – not infallible): Maaring itong si Onesimo ay naging pastor ng Ephesus noong namatay si Timotheo – mababasa natin ang isang liham ni Ignatius of Antioch (ca. 100+ A.D.) – binaggit niya ang pangalan ni Onesimo.

**Katapusan**:

1. Mahal tayo ng Dios gaya ng pagmamahal niya kay Jesus. Ang Kanyang pagmamahal sa atin ay hindi magbabago. Pagdating natin sa kaluwalhatian hindi niya tayo higit pang mamahalin doon.
2. John 17:23b – "…iniibig mo sila tulad ng pag-ibig mo sa akin."
3. Dahil kay Cristo tayo ay may kapatawaran at maaring magpatwad. Tulang nawa tayo ng Banal na Espiritu na ipagkaloob sa iba ang pag-ibig na ipinagkaloob sa atin.